

PIVOT^{4A}

LEARNER'S MATERIAL GRADE 2 - MAPEH (Music)



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

MAPEH (Music)

Ikalawang Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Waltan Taikun O. Taccad
Content Creator & Writer

Eugene Ray F. Santos & Arthur M. Julian
Internal Reviewer & Editor

Lhovie A. Cauilan & Jael Faith T. Ledesma
Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Roy Rene S. Cagalingan, Komisyon sa Wikang Filipino
External Reviewer & Language Editor

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: Francis Cesar B. Bringas


Mga Tunog-Tao

Aralin



Nasubukan mo na bang gumawa ng iba't ibang tunog gamit lámang ang katawan? Ano-ano ang mga bahagi ng katawan na may kakayahang lumikha ng tunog? Káya mo bang tularan ang mga tunog ng kalikasan o iba pang bagay gamit ang iyong kamay, paa, o bibig?

Sa araling ito, makatutulad ka ng iba't ibang tunog ng kalikasan o mga bagay na gawa ng tao gamit lamang ang iyong tinig at katawan. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Kaya mo bang tularan ang mga tunog ng mga bagay na ito? Paano mo ito gagawin?




D

Maraming matutularang tunog gamit ang iba't ibang abilidad ng iyong bibig. Ang tao ay may kakayahang gumawa ng samo't saring tunog sa pamamagitan ng pagbabago ng hitsura at posisyon ng dila, labi, ngipin, at ngalangala. Tandaan na ang uri ng tinig ay nakaayon din sa hugis at anyo ng bibig.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Piliin ang tamang pagtulad ng tunog ng sumusunod na bagay o hayop. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.


1. pagaspas ng pakpak ng agila

- A. pagpalakpak ng kamay
- B. pagtapik-tapik sa binti
- C. pagpitik ng mga daliri




2. pagkulog

- A. paglundag sa sementong sahig
- B. pagsampal sa dibdib
- C. pagpadyak-padyak sa kahoy na sahig



3. lagaslas ng tubig

- A. pagkiskisan ng mga palad
- B. pagpapatulo ng pawis
- C. pagkatok ng ulo




4. pag-hip ng hangin

- A. paghinga
- B. pagsipol
- C. paglanghap



5. huni ng ibon

- A. "tik-ti-laok!"
- B. "Twit! Twit"
- C. "Kokak! Kokak!"



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, gawin ang mga sumusunod na tunog-tao. Lagyan ng tsek (✓) kung nagawa at ekis (✗) naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain	Nagawa	Hindi nagawa
1. pagpalakpak nang malakas		
2. pagtapik nang dalawang daliri sa palad		
3. pagpalakpak nang nakakurbang mga palad		
4. pag-ihip sa loob nang magkadikit na nakakurbang palad		
5. pagtapik ng binti		

Ano-ano pa ang ibang paraan sa paglikha ng tunog-tao? Ngayon ay maari mo nang pagsamahin ang iyong kakayahan sa pagtulad ng ibang tunog gamit ang iyong tinig at iba pang bahagi ng katawan.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong mga magulang, basahin ang maikling kuwento. Kapag nakita ang simbolo ng nota ay lumikha ng tunog-tao, upang matularan ang bagay na nabanggit sa kuwento. Lagyan ng tsek (✓) kung nagawa at ekis (✗) kung hindi nagawa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Nagising si Elsa dahil sa tilaok ng manok 🎵 . Bumangon siya at
 naghilamos ng mukha 🎵 . Kumain siya ng sitsaron 🎵 habang
 naglalambing ang kanilang pusa 🎵 . Kumahol ang kanilang aso
 🎵 nang may marinig itong motorsiklo sa labas 🎵 . May kumatok sa
 pinto 🎵 at ito ay dahan-dahang bumukas 🎵 Pumasok ang
 kaniyang kapatid na si Anna. Biglang umulan nang malakas 🎵 na
 may kasama pang kulog 🎵 . Nagulat si Elsa at siya ay napasigaw !
 🎵 . Masaya silang nagtawanan ng kaniyang kapatid.

Gawain	Naisagawa	Di-naisagawa
tilaok ng manok		
naghilamos ng mukha		
kumain ng sitsaron		
naglambing ng pusa		
kumahol ang aso		
motorsiklo sa labas		
kumatok sa pinto		
dahan-dahang bumukas		
umulan nang malakas		
kumulog		
Si Elsa at siya ay napasigaw		

A

Ang _____ ay nakadaragdag ng aliw sa bawat pangyayari, kuwento, o pagtatanghal. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng tinig o tunog na gawa ng ating _____. Nagkakaiba-iba ang tunog batay sa lakas o hina, haba o ikli, taas o baba, at _____ nito. Ginagamit rin ang mga ito upang tukuyin ang isang tono at ilarawan ang musika.

tunog

timbre

katawan

Mga Instrumentong Musikal

Aralin




Nakakita ka na ba ng isang instrumentong pangmusika? Ano-ano ang iba't ibang instrumentong pangmusika na nalalaman mo?

Sa araling ito, matutukoy mo ang mga karaniwang instrumentong pangmusika ayon sa tunog at hitsura nito.

Mahalagang matutunan mo ang iba't ibang instrumentong musikal at paraan ng pagtugtog nito na makapagpapahayag ng damdamin at saloobin ng isang tao.

Suriin ang mga larawan sa ibaba. Paano kaya tinutugtog ang mga instrumentong ito? Narinig mo na ba ang mga tunog ng mga ito? Sa iyong palagay, ito ba ay kaaya-ayang pakinggan?



D










Ang musika ay maaaring likhain sa pagpapatunog ng mga bagay. Upang makalikha ng kaaya-ayang tunog tulad ng mga ritmo at himig, nakaimbento ang tao ng mga bagay na ang layunin ay tumugtog ng musika. Ang mga ito ay tinatawag na **instrumentong pangmusika**.

Upang makalikha ng tunog, ang isang bahagi ng instrumento ay kailangang gumalaw o tumaginting. May mga instrumentong hinahampas, inaalog, hinihipan ng hangin, o pinapagalaw ang kuwerdas. Ang timbre o kalidad ng tunog ay nakaayon sa bagay o materyal na bumubuo ng instrumento.







Narito ang ilang halimbawa ng paraan ng pagtugtog ng iba't ibang karaniwang instrumentong pangmusika at kung papaano ang mga ito lumikha ng tunog.



1. Sa paghampas sa tambol ay lilikha ito ng dumagundong na tunog.
2. Sa pag-*strum* ng gitara ay tumataginting ang kuwerdas nito.
3. Sa pagtipa ng teklado ng piano ay mayroong maliliit na martilyong pumupukpok sa mga bakal na kuwerdas nito.
4. Sa pag-ihip ng plawta ay dumadaloy ang hangin sa iba't ibang bahagi nito.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, iguhit ang simbolo ng nota (♫) kung ang bagay sa larawan ay isang instrumentong pangmusika, at ang ekis (x) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

<p>1. harp</p> 	<p>2. telescope</p> 	<p>3. cymbals</p> 
<p>4. crayons</p> 	<p>5. xylophone</p> 	<p>6. bicycle</p> 
<p>7. trumpet</p> 	<p>8. TV</p> 	<p>9. violin</p> 

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, gumuhit ng bilog (O) kung ang instrumento ay hinihipan, gitling — kung ito ay may nakaunat na kuwerdas na kinakalabit o kinikiskis, at titik (Z) kung ito ay hinahampas, tinatapik, o inalog. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

 <p>___ 1. pito – gawa sa plastik o metal, maliit, diretso at mataas ang tono</p>	 <p>___ 2. gitara – gawa sa kahoy, may mahabang tunog at katamtamang lakas</p>	 <p>___ 3. tambol – may patag na gomang nakaunat, pinatutunog ng patpat o kamay</p>
 <p>___ 4. plawta – gawa sa kahoy o kawayan, mahangin at may nakaginhawang tono</p>	 <p>___ 5. baho – gawa sa kahoy, may mababa at mahabang tunog na katamtaman ang lakas</p>	 <p>___ 6. piano – may tikladong pinipindot, maraming tonong nag-iiba ang lakas at haba</p>

 <p>___ 7.</p> <p>trumpeta – gawa sa metal o tanso, mataas at malakas ang tono</p>	 <p>___ 8.</p> <p>biyolin – kinikiskis ng “bow” na may buhok ng kabayo, mataas at matining ang tono</p>	 <p>___ 9.</p> <p>tamburin – may mga mala-tansang nag-uumpugan kapag inaalog, mabilis at maikli ang tunog</p>
--	---	---

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ano ang iyong paboritong instrumentong pangmusika? Sa gabay ng iyong mga magulang, iguhit ito sa papel gamit ang lapis. Husayan ang iyong pagguhit. Maari mo rin itong kulayan. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.


1. Bakit ito ang napili mong instrumento?
2. Paano tugtugin ang instrumentong ito?
3. Ilarawan ang tunog o tono nito batay sa lakas, taas, o haba ng tunog.

A

Ang mga instrumentong musikal ay naimbento ng tao upang makatugtog ng iba't ibang uri ng kaakit-akit na tunog.

May mga instrumentong  _____,

may mga instrumentong  _____,

at may mga instrumentong  _____.

pinapalo

hinihipan

kinukulbit

Karamihan sa mga instrumentong musikal ay maaaring tugtuging mag-isa, ngunit maaari din silang tugtugin nang sabay-sabay. Maraming mabubuting naidudulot ang pag-aaral at pagtugtog ng instrumento, tulad ng ginhawa, talino, disiplina, kumpiyansa sa sarili, pagyabong ng talento, at magandang samahan sa mga kapuwa manunugtog at madlang nakikinig.

Pagkakaiba ng Pagsasalita at Pag-aawit

Aralin

I

Ano ang pagkakapareho ng pagsalita at pag-aawit? Ano naman ang pagkakaiba nila? Sa araling ito, malalaman mo ang pagkakaiba ng pagsasalita at pag-aawit. Ikompara ang mga larawan sa ibaba. Alin dito ang nagsasalita? Alin naman ang umaawit?

“Mahalagang malaman mo ang kaibahan ng pagsalita sa pag-aawit upang magamit mo ito ng wasto sa iba't ibang sitwasyon. Kinakailangang matutuhan mo ang magsalita upang mabigkas mo ang mga linya ng isang awitin.”



D

Ang pagsasalita at pag-aawit ay parehong gumagamit ng tinig. Ang mga sinasambit o kinakanta natin ay binubuo ng mga salita, na siyang nagbibigay ng kahulugan dito. Sa tulong ng bibig at iba't ibang panloob na bahagi ng katawan ay nakapagsasalita o nakaaawit ang isang tao.

Mapapansin mo na ang payak na pagbigkas ng mga salita ay walang malinaw na tono. Samantala, ang pag-awit ng mga salita ay may malinaw na may pagtaas o pagbaba ng tono.

Mapapansin mo rin na habang ikaw ay nagsasalita ay halos iisang tono lamang ang iyong ginagamit. Ang pagsasalita ay binubuo ng tunog at baybay. Samantalang kung ikaw ay umaawit, ito ay may tono o himig na tumataas at bumababa. Kinakailangan munang matutuhan ng batang tulad mo ang magsalita upang mabigkas niya ang mga linya ng isang awitin.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, basahin ang iba't ibang titik ng awit-pambata, bigkasin, at subukan naman itong awitin. Sa iyong sagutang papel, gumuhit ng masayang mukha 😊 kung ito ay nagawa at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

Awit-Pambata	Nabigkas	Naawit
1. "Paa, Tuhod, Balikat, Ulo"		
2. "Leron, leron sinta, buko ng papaya"		
3. "Sitsiritsit alibangbang, Salaginto salagubang"		
4. "Bayang magiliw, Perlas ng silanganan"		


Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, isulat ang letrang **PS** kung ang pahayag ay ukol sa pagsasalita, at ang letrang **PA** kung ito ay ukol sa pag-aawit. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Walang malinaw na pagtaas o pagbaba tono
2. Mayroon malinaw na himig o takbo ng mga nota
3. Mabilis ang pagbigkas o pagbaybay ng mga salita
4. May mahahabang pagbigkas o tunog ng mga baybay
5. Likas itong natututuhan at ginagawa ng tao

Nabigkas mo ba nang wasto ang mga salita? Nakanta mo ba ito ng may kaaya-ayang baybay at tono? Ano ang mas nagustuhan mo, ang pagtula o ang pag-awit ng liriko? Bakit?

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Basahin ang tula. Bigkasin ang mga salita ng may puso at damdamin. Pagkatapos, subukan itong kantahin gamit ang himig ng awiting *Twinkle, Twinkle, Little Star*.



Tala, talang maningning
Kumikislap sa dilim
Mataas at marikit
Tila dyamante sa langit
Tala, talang maningning
Tinatawag ring bituin.

Nabigkas mo ba nang wasto ang mga salita? Nakanta mo ba ito ng may kaaya-ayang baybay at tono? Ano ang mas nagustuhan mo, ang pagtula o ang pag-awit ng liriko? Bakit?

A

Tulad ng pagsasalita, ang isang awitin ay binubuo rin ng iba't ibang _____ at ginagamitan ng tinig o boses – may kaukulang lakas, diin, at haba ang bawat tunog ng babay. Ang pagsasalita at pag-aawit ay mabisang paraan ng paglahad ng _____.

Tandaan na ang bawat salita ay maaaring magdulot ng saya o _____ sa ibang tao, tulad sa isang awitin. Kaya, ingatan ang mga salitang sasambitin at maging ang tono at lakas nito. _____ muna ang sasabihin bago ito bigkasin, at pumili lamang ng mga angkop na salita o awitin para sa isang tao o pangyayari.

salita

lungkot

damdamin

isipin

Wastong Pag-awit

Aralin

I

Sino-sino ang mga paborito mong mang-aawit? Ano-ano ang mga paborito mong kanta? Paano nga ba ang tamang paraan ng pag-awit?

Sa araling ito, matututuhan mo ang wastong paraan ng pag-awit. Kaya makatatanghal ka rin ng awitin sa tamang paraan gamit ang wastong kalidad ng tinig at tono.

Suriin ang mga larawan sa ibaba. Sino sa mga batang ito ang maaaring makapagtanghal nang isang maayos na awitin?



“Mahalagang matutuhan mo ang wastong pag-awit ng mga angkop na tinig at tono upang maging kaaya-aya sa pagtatanghal ng awitin.”

D

Narito ang iba't ibang paraan ng wastong pag-awit.

1. **Tumayo ng tuwid at komportable.** Ang tinig ay mas malinaw na lalabas mula sa iyong lalamunan kung ikaw ay nakatayo, sapagkat maluwag na nakaunat ang iba't ibang panloob na bahagi ng katawan.
2. **Huminga nang sapat.** Ang paglikha ng himig ay nangangailangan ng mas maraming hangin mula sa baga upang mapahaba ang hininga at mapanatiling konektado ang mga tono.
3. **Ikondisyon ang boses.** Sa pamamagitan ng vocalization o pag-ehersisyo ng voice box, mapananatiling nasa wastong kalagayan ang boses. Huwag biglain ang pag-awit. Simulan muna sa mahina at mababang tinig, at unti-unti itong ilakas at itaas.
4. **Laging makinig ng iba't ibang awitin.** Makatutulong ito upang masanay ang pandinig sa wastong tono at tiyempo ng isang himig, at matutuhan ang iba't ibang pamamaraan o estilo ng pag-awit. Ang iyong pandinig ang gabay upang tamaan ang wastong nota ng isang awitin.
5. **Subukan ang iba't ibang uri ng tinig.** Ang bawat tao ay may kaniya-kaniyang kalidad ng boses, tulad ng buo, mahangin, matinis, o malalim. Subukan ang mga ito upang mapagtanto ang timbreng naaayon sa iyong likas na tinig.
6. **Piliin ang awit na bagay sa iyong tinig.** Alamin ang hangganan ng taas at baba ng iyong tinig, upang makapili ng awiting mapananagutan ng iyong kakayahan. Subukang kumanta ng iba't ibang awitin at pakinggan ang sarili.

7. **Ensayuhin ang awitin.** Bago magtanghal, seguraduhing may sapat na pagsasanay sa pag-awit ng napiling kanta. Planuhin ang paghinga, mga pagbabago sa lakas at hina ng tinig, at higit sa lahat ay ang pag-akyat-baba ng tono nito.

8. **Alagaan ang iyong pangangatawan.** Ang pagkanta ay nangangailangan din ng malusog na pangangatawan upang makalikha ng kaaya-ayang tinig, at makatanghal nang walang sagabal na sakit. Iwasan ang inuming malalamig at pagkaing matatamis at malalapot bago at pagkatapos umawit.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, isulat ang **TAMA** kung ang pahayag ay tumutukoy sa wastong paraan ng pag-awit, at **MALI** kung ito ay maling paraan ng pag-awit. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Umupo nang matuwid at matigas ang katawan.
2. Huminga ng sapat upang mapanatiling konektado ang mga tono ng awitin.
3. Biglain ang pag-awit ng malalakas at matataas na nota.
4. Laging makinig ng iba't ibang awitin upang masanay ang pandinig sa wastong tono.
5. Umawit lamang sa iisang timbreng nais mo. Huwag sumubok ng ibang uri ng tinig.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Bakit kailangang tumayo nang matuwid habang umaawit?
 - A. upang magising ang natutulog mong *voice box*
 - B. upang malinaw na lumabas ang iyong tinig
2. Ano ang naitutulong ng paghikab bago umawit?
 - A. Nakatutulong ito upang mag-imbak ng hangin sa baga.
 - B. Nakatutulong ito upang maging komportable.
3. Sa paanong paraan ikinokondisyon ang boses?
 - A. sa biglaang pag-abot ng matataas na tono
 - B. sa *vocalization* o pag-eehersisyo ng *voice box*

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong mga magulang, gawin ang mga sumusunod na hakbang sa wastong *vocalization* at pag-eensayo ng pag-awit. Isulat sa sagutang papel ang bilang ng mga nagawang hakbang.

1. Tumayo nang komportable at mag-unat-unat ng katawan.
2. Humikab at lumikha ng pinakamahabang tonong kaya mo.
3. Kumanta ng tonong mahina at mababa, na unti-unting lumalakas at tumataas.
4. Mag-isip ng awit na nababagay sa iyong tinig.
5. Basahin at unawain ang liriko nito upang matukoy ang tamang damdamin o mensahe ng awitin.

A

Ang _____ ay isa sa pinakanakalilibang, kawili-wili, at kaakit-akit na gawain. Ito ay nakagagaan ng loob at nakatutulong upang maipahayag ang _____. Maraming tao ang napapasaya ng mahusay na pag-awit at may wastong _____ at _____.

pag-awit

damdamin

tinig

tono

Lakas o Hina ng Musika

Aralin


I

Sa araling ito, matutukoy mo ang lakas o hina ng isang awitin o musika sa pamamagitan ng pakikinig at pagsasagawa nito. Ito ay tinatawag na “*dynamics*.”

Sa mga nakaraang aralin ay natutuhan mo ang iba't ibang halimbawa ng malalakas at mahihinang tunog. Ganun din ang mga instrumentong may malalakas o mahihinang tunog, at maging ang malakas o mahinang pag-awit.


Mahalagang matutuhan mo ang *dynamics* ng musika upang malaman mo kung kailan ito angkop gamitin upang hindi magdulot ng hindi kaaya-ayang pakiramdam sa ating katawan

Paghambingin ang mga larawan sa ibaba. Alin dito ang nagpapakitang dapat lakasan o hinaan ang narinig na musika?

**D**

Ang *dynamics* ay nagbibigay buhay sa musika. Maipakikita natin ang *dynamics* sa pamamagitan ng paglakas o paghina ng tunog sa musika. Nagbibigay ito ng kulay at nagpapahayag ng damdamin sa isang awitin. May mga musikang kailangang malakas ang tunog, at mayroon ding kailangang mahina ang tunog, batay sa uri, gamit, o layunin nito.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, gumuhit ng bilog ○ kung ang tunog ng musika sa larawan ay mahina, at tatsulok △ kung malakas. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, awitin ang *Pilipinas Kong Mahal* ng may angkop ng dynamics. Kopyahin ang Rubric at lagyan ng tsek (✓) ang angkop na kolum kung paano ito naisagawa. Gawin ito sa sagutang papel.

Kaalaman	Mahusay	Higit na mahusay	Pinaka-mahusay
Nabigyan ng tamang kahulugan sa pag-awit .			
Naawit ang bahaging mahina at bahaging makalas na dynamics ng awit.			
Naipakita ang kawilihan sa pag-awit.			
Naipakita ang pagkamalikhain sa pag-awit			

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong mga magulang, awitin ang kantang **May Tatlong Bibe** nang dalawang beses. Sa unang beses, awitin ito sa mabagal at mahinang paraan. Sa pangalawang beses, awitin ito sa mabilis at malakas na paraan. Kopyahin ang Rubric at lagyan ng tsek (✓) kung naisagawa o hindi.

<p style="text-align: center;">May Tatlong Bibe</p> <p>May tatlong bibe akong nakita Mataba, mapayat, ang mga bibe Ngunit ang may pakpak sa likod ay iisa Siya ang lider na nagsabi ng kwak kwak Kwak kwak kwak, kwak kwak kwak Siya ang lider na nagsabi ng kwak kwak</p>	
--	---

Batayan	Naisagawa	Hindi naisagawa
Naawit nang mabagal at mahinang paraan		
Naawit nang mabilis at malakas na paraan		

A

Ang _____ ay mas kaaya-ayang pakinggan kung ito ay may bahaging _____ at may bahaging _____. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay laging malakas o laging mahina ang isang buong musika. Tandaan, ang _____ ng musika ay nakadaragdag ng kakaibang _____ para sa musikero at kiliti naman sa pandinig ng mga nakikinig.

timpla malakas paglakas-hina mahina musika

Mga Antas ng Paglakas o Paghina ng Tunog


Aralin



Naaalala mo ba ang aralin tungkol sa *dynamics* ng musika? Gaano kalakas o gaano kahina ang mga tunog ng iba't ibang bagay o musika na iyong narinig? Ilang pagbabago ng lakas at hina ng tunog ang kaya mong gawin?

Sa araling ito, magagamit mo ang mga antas ng *dynamics* tulad ng malakas, mas malakas, mahina, at mas mahina.

Suriin ang mga larawan sa ibaba. Nasa aling panig ang mga sasakyang may malakas o mas malakas na tunog? Nasa aling panig naman ang may mahina o mas mahinang tunog?



Mahalagang matutuhan mo ang tamang paggamit ng iba't ibang antas ng *dynamics* na musika sa pag-awit upang maging kaaya-aya ang pag-awit.

D

Sa pagtugtog ng instrumento, ang lakas o hina ay umaayon sa tindi ng buwelo at puwersa ng pagkilos ng musikero. Ang mas malaking buwelo ay makalilikha ng puwersa at tunog na mas malakas. Ang mas maliit na buwelo ay makalilikha ng puwersa at tunog na mas mahina.

Habang dumarami ang musikerong umaawit o tumutugtog nang sabay ay mas marami pang antas ng lakas o hina ang maaaring gawin. Kaya nilang lumikha ng tunog na ubod ng hina o saksakan ng lakas. Dahil dito, mas malawak ang mga damdaming naipahahayag ng musika, at mas nagiging kasiya-siya itong pakinggan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, pagsunod-sunurin ang mga bagay sa sa ibaba mula sa pinaka-mahina hanggang pinakamalakas gamit ang bilang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- 1 – Mas mahina ang tunog
- 2 – Mahina ang tunog
- 3 – Malakas ang tunog
- 4 – Mas malakas ang tunog

A. ___ baka ___ pusa ___ daga ___ langaw	B. ___ bato ___ kahoy ___ plastik na balde ___ yero
--	---


Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, isulat ang code na nasa ibaba ayon sa tunog na magagawa ng buwelo o puwersang ipinapakita sa bawat larawan.

mm – mas mahina

M – malakas

m – mahina

MM – mas malakas



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong mga magulang, tularan ang tunog ng mga bagay sa ibaba. Gawin ito mula sa pinakamahina hanggang sa pinakamalakas. Kopyahin ang batayan at lagyan ng tsek (✓) kung naisagawa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Batayan	Mas Mahina	Mahina	Malakas	Mas Malakas
1. aso				
2. ibon				
3. hangin				
4. kulog				

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa gabay ng iyong mga magulang, isagawa ang mga sumusunod na kilos ayon sa antas ng dynamics mula mas mahina, mahina, malakas, hanggang mas malakas. Isagawa ang batayan ng gawain. Lagyan ng tsek (✓) kung naisagawa ang apat na antas ng *dynamics*. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Batayan	Mas Mahina	Mahina	Malakas	Mas Malakas
pagtapik o paghampas sa mesa				
pag-alog ng tabong may maliliit na bato				

A

Ang musika ay may iba't ibang antas ng dynamics, ang _____ at _____. Ang bawat tinig o instrumento ay maaaring magkaroon ng kani-kanilang lakas at _____.

Habang dumarami ang musikerong umaawit o _____ ng sabay ay mas marami pang antas ng _____ ang maaaring gawin. Kaya nilang lumikha ng tunog na ubod ng hina o saksakan ng lakas. Dahil dito, mas malawak ang mga _____ naipahahayag ng musika, at mas nagiging kasiya-siya itong pakinggan.

paglakas	paghina	hina
tumutugtog	dynamics	damdaming

Paglakas at Paghina sa Pag-awit


Aralin



Kaya mo bang baguhin ang lakas o hina ng iyong tinig habang umaawit? Kailan dapat lakasan o hinaan ang pagkanta? Bakit mahalaga ang paglakas at paghina ng tinig sa pag-awit?

Sa araling ito, magagamit mo ang iyong natutuhan sa wastong paggamit ng iba't ibang antas ng dynamics ng tunog, at timbre ng boses. Magagamit mo ito sa pagtatanghal ng isang awitin.

Suriin ang mga larawan sa ibaba. Alin sa mga ito ang may tunog na papalakas? Alin naman ang may tunog na papahina?



D

Nalaman mo sa mga nakaraang aralin ang kahalagahan ng pagbabago sa lakas at hina ng tinig sa pagkanta. Ito ay upang maipahatid ang angkop na damdamin mula sa mang-aawit patungo sa mga nakikinig. Ngunit kailan ba dapat lumakas o humina ang tinig sa pag-awit?

Mababatid mo na ang paglakas o paghina ng pagkanta ay nakaayon sa damdamin o mensahe ng liriko o pahayag ng isang awitin. Kung ito ay masaya, masigla, o nakagugulat, nararapat lamang na ito ay awitin ng malakas o papalakas. Kung ito naman ay malungkot, matamlay, o taimtim, nararapat lamang na ang pag-awit nito ay mahina o papahina.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa gabay ng iyong mga magulang, kantahin ang mga sumusunod na linya ng kanta. Lagyan ng simbolong < kung ito ay dapat awitin nang papalakas, at ng simbolong > kung ito ay dapat awitin ng papahina. Sagutan ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. "Pagdating sa dulo, nabali ang sanga!"
- _____ 2. "Di ko na nakita, pumutok na pala"
- _____ 3. "Maligayang, maligayang, maligayang bati!"
- _____ 4. "Ako ay Pilipino, taas noo kahit kanino, ang Pilipino ay ako!"
- _____ 5. "May payneta pa siya, uy! May suklay pa man din!"

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa gabay ng iyong mga magulang, suriin ang mga sumusunod na paraan ng paglikha ng himig ng boses. Isulat ang letrang **L** kung ito ay patungo sa paglakas ng tinig, at letrang **H** kung ito ay patungo sa paghina ng tinig.

- _____ 1. pagkanta nang mabilis na awit
- _____ 2. pagkanta nang mabagal na awit
- _____ 3. pag-abot sa matataas na tono
- _____ 4. pag-abot sa mababang tono

Mas magandang pakinggan ang isang awit kapag ito ay gumagamit ng iba't ibang antas ng lakas o hina. Nagiging mas madamdamin ang musika dahil dito.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong mga magulang, suriin ang buong liriko ng awit. Isulat ng mga salitang “mas mahina,” “mahina,” “malakas,” at “mas malakas” ang bawat bahaging may salungguhit ayon sa wastong paglakas o paghina ng awitin. Gawin ito sa sagutang papel.

<p>(1) <u>Ang bayan kong Pilipinas</u> Lupain ng ginto't bulaklak Pag-ibig na sa kanyang palad Nag-alay ng ganda't dilag</p>	<p>(3) <u>Ibon mang may layang lumipad</u> <u>Kulungin mo at umiiyak</u> Bayan pa kayang sakdal-dilag Ang 'di magnasang makaalpas</p>
<p>(2) <u>At sa kanyang yumi at ganda</u> <u>Dayuhan ay nahalina</u> Bayan ko, binihag ka Nasadlak sa dusa</p>	<p>(4) <u>Pilipinas kong minumutya</u> Pugad ng luha at dalita Aking adhika <u>Makita kang sakdal laya!</u></p>

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa gabay ng iyong mga magulang, awitin ang kantang **Paru-parong Bukid** nang may wastong pagbabago sa lakas at hina ng tinig. Lakasan ang pag-awit ng mga salitang MALALAKI ANG LETRA AT NAKASALUNGGUHIT. Kopyahin ang batayan sa ibaba at gumuhit ng masayang mukha 😊 kung naisagawa at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

Paru-parong Bukid
 Paruparong bukid NA LILIPAD-LIPAD
 Sa gitna ng daan PAPAGA-PAGASPAS
 Isang bara ang tapis
 Isang dangkal ang manggas
 Ang sayang de kola
ISANG PIYESA ANG SAYAD
 May payneta pa siya, UY!
 May suklay pa man din, UY!
 Nagwas de-ohetes ang palalabasin
 Aakyat sa altar AT MANANALAMIN
AT SAKA LALAKAD NG PAKENDENG-KENDENG

Liriko	Naisagawa	Hindi naisagawa
NA LILIPAD-LIPAD		
PAPAGA-PAGASPAS		
ISANG PIYESA ANG SAYAD		
UY!		
AT MANANALAMIN		
AT SAKA LALAKAD NG PAKENDENG-KENDENG		

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ang awitin sa ibaba ay may apat na bahagi. Kantahin ang bawat bahagi sa iba't ibang antas ng *dynamics*. Magsimula sa pinakamahina hanggang pinakamalakas na tinig.

Dynamics	Awitin	Naisagawa	Hindi naisagawa
Mas mahina	Leron, leron sinta Buko ng papaya		
Mahina	Dala-dala'y buslo Sisidlan ng bunga		
Malakas	Pagdating sa dulo'y Nabali ang sanga		
Mas malakas	Kapos kapalaran Humanap ng iba		

A

Tulad ng pananalita, ang musika ay ginagamit sa paghahatid ng mensahe o saloobin, kung kaya't mas _____ ang paglalahad ng damdamin kung may angkop na lakas ng tunog o diin ang mga _____. Tandaan, ang isang mahusay na mang-aawit ay may likas at madalas na pagbabago sa lakas at hina ng kanyang _____.

mabisa

salita

tinig



Šusi sa Pagwawasto

Week 1		Week 2								
5. A 4. B 3. A 2. C 1. B Gawain sa Pagkatuto 1	9. ↘ 8. X 7. ↘ 6. X 5. ↘ 4. X 3. ↘ 2. X 1. ↘ Gawain sa Pagkatuto 1	9. Z 8. - 7. O 6. Z 5. - 4. O 3. Z 2. - 1. O Gawain sa Pagkatuto 2								
Week 3		Week 4								
5. PS 4. PA 3. PS 2. PA 1. PS Gawain sa Pagkatuto 2	5. Mall 4. Tama 3. Mall 2. Tama 1. Mall Gawain sa Pagkatuto 1	3. B 2. A 1. B Gawain sa Pagkatuto 1								
Week 5		Week 6								
4. ▼ 3. O 2. O 1. ▼ Gawain sa Pagkatuto 1	<table border="1" style="margin-left: auto; margin-right: auto;"> <tr> <td style="text-align: center;">1</td> <td style="text-align: center;">4</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">2</td> <td style="text-align: center;">3</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">3</td> <td style="text-align: center;">2</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">4</td> <td style="text-align: center;">1</td> </tr> </table> Gawain sa Pagkatuto 1	1	4	2	3	3	2	4	1	4. MM 8. mm 3. M 7. m 2. m 6. M 1. mm 5. MM Gawain sa Pagkatuto 2
1	4									
2	3									
3	2									
4	1									
Week 7-8										
5. < 4. > 3. < 2. > 1. < Gawain sa Pagkatuto 1	4. H 3. L 2. H 1. L Gawain sa Pagkatuto 2	4. Mas malakas 3. Malakas 2. Mahina 1. Mas mahina Gawain sa Pagkatuto 3								

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.



Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Salud, G. P. & Dela Cruz, E. (2017). *Prototype Lesson Plan Grade 6*. Lipa City: Department of Education-SDO Lipa City.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 locals 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

